

## **PSPS: Pagpapatibay sa Sistema**

**TAGAPAGSALAYSAY:** Bilang bahagi ng aming mga pagsisikap na mapigilan ang mga wildfire, pinalalakas namin ang aming sistema ng kuryente sa buong teritoryo ng aming serbisyo. Ang gawaing ito, na kilala bilang system hardening, ay kung paano namin inilalarawan ang aming mga pagsisikap sa pagkabit ng mga kagamitan na idinisenyo at ginawa upang maging mas mahusay sa paglaban sa epekto ng masamang panahon at mga panganib sa wildfire. Sa aming mga pagsisikap, pinapalakas namin ang sistema ng kuryente gamit ang mas malalakas na poste at nakabalot na mga linya ng kuryente, bilang karagdagan sa paglalagay sa ilalim ng lupa ang 10,000 milya ng mga linya ng distribusyon ng kuryente sa mga lugar na may mataas na banta sa sunog. Ang gawaing ito ay magaganap sa loob ng ilang taon, sa lahat ng libu-libong linya ng distribusyon, sa mga lugar na may pinakamataas na banta ng sunog. Makakatulong ito na mabawasan ang panganib ng mga wildfire, mapahusay ang pangmatagalang kaligtasan, lalo na sa panahon ng mataas na banta sa sunog, at makabuluhang mapabuti ang pagiging maaasahan sa panahon ng taglamig. Walang nag-iisang solusyon sa pagbawas ng panganib ng mga wildfire. Habang patuloy na umuunlad ang mga kondisyon ng wildfire sa buong estado, patuloy naming tinatasa ang aming teknolohiya at pagmomodelo ng panganib upang mapabuti ang aming gawain sa kaligtasan sa wildfire. Partikular na kabilang sa gawaing ito ang: pagpapalit ng mga hubad na linya ng mga nakabalot na linya upang mabawasan ang panganib ng pagkawala ng kuryente dahil sa mga bagay, kabilang ang mga halaman, ibon o hayop, na nagkaka-kontak o tumatama sa linya. Pagpapalawak at paghihiwalay ng mga linya upang matiyak na hindi nagdidikit-dikit ang mga linya sa panahon ng malalakas na hangin. Pagbabalot ng lahat ng mga sangkap na may enerhiya sa mga poste at tore upang maprotektahan laban sa pag-kontak ng hayop at ibon. Pagtayo ng mga mas matibay na poste at karagdagan kagamitan upang magbigay ng suporta, at pagbabalot ng mga kahoy na poste sa materyal na lumalaban sa sunog upang mapabuti ang katatagan ng aming mga istruktura. Pagsisimula na ilagay sa ilalim ng lupa ang 10,000 milya ng mga linya ng distribusyon ng kuryente sa mga lugar na mataas na banta sa sunog bilang bahagi ng isang pagsisikap na walang katulad at maramihang taon. At pagkakabit ng remote grids. Lahat tayo ay umaasa sa kuryente bawat araw, at patuloy kaming makikipagtulungan sa aming mga kostumer sa mga kalutasan na nagpapaliit ng mga panganib sa panahon ng mataas na banta sa sunog. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa aming mga pagsisikap sa kaligtasan sa wildfire, bumisita sa [pge.com/wildfiresafety](http://pge.com/wildfiresafety).